


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan- Modyul 2: Iba't-Ibang Pakinabang Pang Ekonomiko ng mga Likas na Yaman ng Lalawigan at Kinabibilangang Rehiyon



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Iba't-Ibang Pakinabang Pang Ekonomiko ng mga Likas na Yaman ng Lalawigan at Kinabibilangang Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Alma R. Santiago, MAED-FILIPINO, MT-1 | |
| **Editor:** | Anna Rose A. Cabalida | |
| **Tagasuri:** | Anna Rose A. Cabalida / Vilma C. Velasco | |
| **Tagalapat:** | Chithrill S. Maquiling | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Lourma I. Poculan | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |
| | Joy O. Campiseño | - Public Schools Division Supervisor |
| | Noel G. Solis | - Principal, Punta National High School |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



# Alamin

Naranasan mo na bang maglibot sa buong lalawigan na iyong kinabibilangan? May mga napansin ka bang mga likas na yaman ng lalawigan na kinabibilangan ng iyong rehiyon? Anu-ano ang naidudulot na pakinabang nito sa ekonomiya? Ang modyul na ito ay isinulat at binuo upang kayo ay mahatiran ng kaalaman at impormasyon na kailangan niyong malaman hinggil sa mga pakinabang na pang-ekonomiko ng mga likas na yaman ng lalawigan na kinabibilangan ng iyong rehiyon.

Pamantayan ng Pagkatuto:

- Naipapaliwanag ang iba't ibang pakinabang pang ekonomiko ng mga likas na yaman ng lalawigan at kinabibilangang rehiyon (AP3EAP- IVa-2)

Pagkatapos mong lakbayin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

a. Nakapagtatala ng iba-t-ibang likas na yaman na matatagpuan sa lalawigan o rehiyong kinabibilangan; at

b. Nakatutuklas sa mga pakinabang pang-ekonomiko ng mga likas na yaman ng lalawigan at kinabibilangang rehiyon



# Balikan

**Gawain 1. SMILE KA NAMAN DIYAN!**

**Panuto:** Basahin ang mga pahayag. Kulayan ang masayang mukha kung ang pahayag ay nagpapaliwag sa kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng mamamayan at malungkot na mukha, kung hindi.




| Sagot | Mga Paliwanag |
|---|---|
| ☺ ☹ | 1. May kaugnayan ang kapaligiran at uri ng pamumuhay ng tao. |
| ☺ ☹ | 2. Pangingisda ang pangunahing pamumuhay sa mga mamamayang nakatira malapit sa dagat. |
| ☺ ☹ | 3. Pagmimina at pagsasaka ang pinagkakitaan ng mga taong nakatira sa mga maburol at mabundok na lugar. |
| ☺ ☹ | 4. Pagsasaka at pag-aalaga ng hayop ang pinagkakitaan sa mga mamamayan na nakatira sa malawak na kapatagan. |
| ☺ ☹ | 5. Walang ugnayan ang uri ng pamumuhay ng tao at pisikal na anyo ng isang lugar. |

| Aralin 2 | Iba't-Ibang Pakinabang Pang Ekonomiko ng mga Likas na Yaman ng Lalawigan at Kinabibilangang Rehiyon |
|---|---|



# Tuklasin

**Gawain 2. Tukuyin Mo!**
**Panuto**: Suriin ang mga larawan at buuin ang ginulong letra para mabuo ang konseptong may kinalaman sa paksa. Isulat ang inyong sagot sa patlang.

K A L S I   A N   M A Y N A

Sagot: ____________________________________________

Pamprosesong tanong:

1. Sa anong likas na yaman sagana ang iyong lalawigan?
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Paano nakatutulong ang mga likas na yaman ng iyong lalawigan o rehiyon sa pag-angat ng kabuhayan?
   ____________________________________________
   ____________________________________________



# Suriin

**Gawain 3: Talas ng isipan... atin ngayong kamtan!**

Ang mga likas na yaman ay may pakinabang naibibigay tungo sa pag-angat ng ekonomiya ng isang lalawigan, rehiyon at maging sa bansa. Karaniwang umaasa ang mga tao sa mga likas na yaman upang matugunan ang kaniyang mga pangangailangan. Ang mga likas na yaman ay may tatlong pakinabang sa ekonomiya:

- **PAKINABANG SA KALAKAL AT PRODUKTO**

Pangunahin nang kapakinabangan sa ating likas na yaman ang mga produktong nakukuha rito. Ang mga isda at iba pang lamang-dagat; prutas at gulay, mais, palay at iba pang-agrikulturang produkto; troso, ginto, pilak, uling, chromite at marami pang iba ay napagkakakitaan ng malaking halaga. Ang mga produktong ito ay iniluluwas din sa ibang bansa. Nangangahulugan na karagdagang kita ito sa ating rehiyon at dagdag na pag-angat ng ating ekonomiya. Ang eknonomiya ay tumutukoy sa kung ano ang kalagayan ng pamumuhay ng isang bansa.

- **PAKINABANG SA TURISMO**

Bukod sa mga kalakal at produkto, likas na yaman ding maituturing ang maraming lugar at tanawin sa lalawigan maging sa rehiyon. Malakas itong atraksyon sa mga turista buhat sa mga karatig lugar. Ilan sa mga atraksyong ito ang mga dalampasigan, talon, ilog. Dinarayo rin ng mga turista ang mga makasaysayang lugar sa lalawigan tulad ng Rizal Shrine sa lungsod ng Dapitan. Bunga nito, malaki ang naiaambag ng turismo sa pag-unlad ng ekonomiya.

- **PAKINABANG PANG-ENERHIYA**

Isa itong malaking bagay na nakatutulong sa ating ekonomiya dahil hindi na natin kailangang umangkat pa ng maraming krudo o langis. Tulad sa yamang mineral na uling sa Zamboanga Sibugay na ginagamit sa planta ng enerhiya, elektrisidad at kusina.

Ang rehiyon ng Zamboanga Peninsula ay pinagpala ng tatlong malalaking lalawigan. Sagana ang mga lalawigang ito sa likas na yaman na siyang pangunahing pinagkukunan ng pangangailangan at kita ng buong rehiyon.

Ang **Zamboanga del Sur** ay may malawak na kagubatan. Maraming matataas na uri ng punongkahoy ang makukuha rito na pangunahing pinagkukunan ng kahoy at tabla na ginagamit sa produksiyon ng mga kasangkapan na yari sa kahoy.

Ang patag na bahagi ng lunsod ng Pagadian ay ginagawang pastulan ng mga baka, kambing at iba pang hayop. Ang mga karne nito ay ginagawang panustos sa pangangailangan ng lalawigan at mga karatig na lugar sa rehiyon. Ang mga karagatang nakapalibot sa buong lalawigan ay mayayaman sa mga lamang dagat tulad ng isda, korales at perlas. Nakapagluluwas ito sa iba't-ibang lalawigan ng daing na isda at pusit.

Ang **Zamboanga del Norte** ay pangatlo sa mga lalawigang may pinakamasaganang pangisdaan sa buong bansa. Sagana ito sa mga isdang tamban (toloy sa wikang Bisaya). Ito ay biniyayaan din ng mga produktong tulad ng goma, abaka, palay, mais at niyog. Mayroon ding magagandang

pook-pasyalan na dinarayo ng mga turista tulad na lamang ng Dakak Park and Beach Resort, Rizal Shrine, Selinog Island na pawang nasa lunsod ng Dapitan. Samantalang ang lunsod ng Dipolog, ay may maipagmamalaki rin gaya ng Sungkilaw Falls sa Cogon, Linabo Peak ng Lugdungan at ang tanyag na Dipolog Boulevard. Kilala rin ang Dipolog sa produktong bottled sardines.

Ang **Zamboanga Sibugay** ay sagana din sa yamang mineral gaya ng chromite. Ito din ay may mina ng uling na ginagamit sa planta ng enerhiya, elektrisidad at kusina. Ang malawak na kapatagan nito ay sagana rin sa palay, mais, lanzones, kalamansi, rambutan, goma at niyog. Malaki ang naging ambag ng industriya ng kopra sa ekonomiya ng rehiyon.

Sa kabuuan, ang ating rehiyon ay sagana sa likas na yaman. Ang sector ng agrikultura at pangingisda ang nangunguna sa malaking ambag sa ekonomiya ng rehiyon. Ang mataas na produksyon ng palay, mais at iba pa pang pananim at hayop ay nagdudulot ng mabilis na paglago ng ekonomiya ng lalawigan, rehiyon at maging sa ating bansa. Pumapangalawa rito ang industriya ng pagmimina.



# Pagyamanin

**Gawain 4: Dunong ay palaguin ating pagyamanin!**

**Panuto**: Batay sa binasang teksto, magtala ng tigdalawang likas na yaman na matatagpuan sa mga lalawigan sa Rehiyon IX at ipaliwanag kung paano ito nakatutulong sa pag-angat ng ekonomiya. Isulat ang iyong sagot sa kahon.

*Hal. Rizal Shrine – pakinabang sa turismo dahil dinarayo ito ng mga turista. Ang turismo ay nagdudulot ng kabuhayan ng mga tao.*

| LALAWIGAN | LIKAS NA YAMAN (tanawin, produkto/kalakal) | PAKINABANG NA NAIDUDULOT SA PAG-ANGAT NG EKONOMIYA |
|---|---|---|
| Zamboanga del Norte | 1 | |
| | 2 | |
| Zamboanga del Sur | 1 | |
| | 2 | |
| Zamboanga Sibugay | 1 | |
| | 2 | |



# Gawain

**Gawain 5: I-connect Mo!**

**Panuto:** Basahin ang mga likas na yaman sa **Hanay A** at ikabit ito sa pakinabang pang-ekonomiko sa **Hanay B.**

| | A<br>MGA LIKAS NA YAMAN | | B<br>PAKINABANG PANG-EKONOMIKO |
|---|---|---|---|
| 1. | NIYOG (KOPRA) | A | Ginagamit sa planta ng enerhiya, elektrisidad at kusina. |
| 2. | POOK-PASYALAN | B | Ginagawang langis at ibinibenta sa mga karatig lalawigan o di kaya'y iniluwas sa ibang bansa. |
| 3. | GULAY, PRUTAS at ISDA | C | Ginagawang alahas at napagkakitaan ng malaking halaga. |
| 4. | ULING | D | Dinarayo ng turista at dahil dito marami ang nabigyan ng hanapbuhay at ikabubuhay. |
| 5. | YAMANG MINERAL TULAD NG GINTO | E | Pang-agrikulturang produkto na ibinibenta sa mga karatig lalawigan o rehiyon. |



# Isaisip

Mga bata dapat Tandaan:

- Ang iba't-ibang pakinabang pang-ekonomiko ng mga likas yaman ng lalawigan at kinabibilangang rehiyon ay naka base sa kung anong mayroon likas na yaman ang naturang lalawigan at rehiyon.
- Ang mga likas na yaman ay nagdudulot ng maraming pakinabang sa ating lalawigan at sa rehiyon. Ilan sa pinagmulan ng pakinabang pang-ekonomiko ang mga produkto at kalakal mula sa likas na yaman, turismo at kalakalan.
- Ang iba't-ibang pakinabang pang-ekonomiko ng mga likas na yaman ng lalawigan at kinabibilangang rehiyon ay nakadepende rin sa kung papaano pinauunlad ng mga namamahala sa lalawigan sa tulong ng sector ng agrikultura at kung papaano rin pinahahalagahan ito ng mga mamamayan sa lalawigan.
- Ang mga produktong kalakal naman sa lalawigan ay lalong nakatutulong sa pagpapalago ng ekonomiya ng lalawigan at maging ng mga lunsod na kasapi nito.
- Magiging maunlad ang ekonomiya ng lalawigan kung naipatakbo at naisaayos ang lahat ng mga likas na yaman mayroon ito.



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang isinasaad ng bawat pangungusap. Isulat ang salitang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pakinabang pang-ekonomiko at **MALI** kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.

_______1. May mga lalawigan na may ipinagmalaking kalakal at produkto na nakatutulong sa pag-unlad.

_______2. Masasabing may pakinabang na pang-ekonomiko ang kalakal at produkto kung ang isang lugar o rehiyon ay umuunlad.

_______3. Ang pagluluwas ng mga kalakal at produkto sa ibang bansa ay nakatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng lalawigan, rehiyon at maging sa bansa.

_______4. Maunlad ang ekonomiya ng lalawigan o rehiyon kung maraming tao ang walang maayos na pamumuhay.

_______5. Alagaan ang likas na yaman dahil dito nagmumula ang mga kalakal at produkto na may pang-ekonomikong pakinabang.



# Karagdagang Gawain

**Gawain 7**: **Larawan Mo, Ipaliwanag Ko!**

Panuto: Suriing mabuti ang mga larawan at ipaliwanag kung paano nakatutulong sa ekonomiya ng lalawigan at kinabibilangang rehiyon ang mga ito. Bigyang-pansin ang rubriks ng pagmamarka sa pagpaliwanag.

1.



PAKINABANG PANG-EKONOMIKO

Paliwanag:
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2.



Paliwanag:
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________

3.



Paliwanag:
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________

4.



Paliwanag:
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________

5.



Paliwanag:
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________

| RUBRIKS NG PAGMAMARKA SA PAGPAPALIWANAG | | | |
|---|---|---|---|
| **Pamantayan**<br>**Nilalaman** | **Kahanga-hanga**<br>**(36-40 puntos )** | **Mahusay**<br>**(31-35 puntos )** | **Magaling**<br>**(25-30 puntos)** |
| Pagkamalikhain sa pagpapaliwanag | Naipaliwanag ng kahanga-hanga ang pakinabang pang ekonomiko ng bawat larawan | Naipaliwanag ng napakahusay ang pakinabang pang ekonomiko ng bawat larawan | Naipaliwanag ng magaling ang sanaysay |
| Istilo ng pagpapaliwanag | Kahanga-hanga ang pagpapaliwanag sa pakinabang pang ekonomiko ng bawat larawan | Mahusay ang pagpapaliwanag | Magaling ang istilo ng paliwanag na ginawa |
| Kaangkupan ng paliwanag | Akmang-akma ang pagpapaliwanag sa pakinabang pang ekonomiko ng bawat larawan | Akma ang paliwanag na ginawa | Akma subalit may kakulangan ang ginawang paliwanag |



# Susi sa Pagwawasto

Balikan Gawain 1

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☹

Tuklasin Gawain 2

Likas na Yaman Pamprosesong tanong: (Ang mga sagot ay nakadepende sa pag-unawa ng mga mag-aaral).

GAWAIN Gawain 5

1. B
2. D
3. E
4. A
5. C

Tayahin

1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. MALI
5. TAMA

Pagyamanin (Gawain 4) at Karagdagang Gawain (Gawain 7):

Maaring iba-iba ang mga sagot na nakabatay sa tekstong nabasa at nakadepende rin sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

# Sanggunian:


## Mga Aklat:

Dejerio-Balsamo, et.al. (2019). Kagamitan ng Mag-aaral sa Ikatlong Taon, Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula. Studio Graphics Corporation and Department of Education, Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Manalo, T.J., et.al. (2015). Kagamitan ng Mag-aaral sa Araling Panlipunan (Unang Edisyon).Book Media Press, Inc. and Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)

Patnubay ng Guro sa Araling Panlipunan (2015), Unang Edisyon

## Mga Pinagkunan ng Larawan:

Buwig. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/tYagjjTu5jQUbzrF9

Mais. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/WrpAWxy2fmXausLU9

Yamang dagat. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/SBRYEv3fMuNgTab4A

Ginto. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/WnBfatnGuPWUrdd49

Dalampasigan. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/ZGGfntwcFhDKdPSe9

Dr. Jose Rizal's House. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/ia9J2Z7Le1gbiFtp6

Unlabeled Spanish sardines from Dipolog. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/PJiKvqWBusXJotGY7

Charcoal. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/Q2HjounVuKCFp1PYA

Prutas at gulay. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/4awvJvipeuWuAseE7

Selinog Island. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/6boMwRevwkLMCW3v6

# Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos, All
of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our...
Eden...
Land...

## My Final Farewell

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd
Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,
Gladly now I go to give thee this faded life's best,
And were it brighter, fresher, or more blest
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,
Others have given their lives, without doubt or heed;
The place matters not-cypress or laurel or lily white,
Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight,
T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,
Through the gloom of night, to herald the day;
And if color is lacking my blood thou shalt take,
Pour'd out at need for thy dear sake
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,
My dreams, when the hopes of youth beat high,
Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea
From gloom and grief, from care and sorrow free;
No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,
All hail ! cries the soul that is now to take flight;
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;
To die for thy sake, that thou mayst aspire;
And sleep in thy bosom eternity's long night.

If over my grave some day thou seest grow,
In the grassy sod, a humble flower,
Draw it to thy lips and kiss my soul so,
While I may feel on my brow in the cold tomb below
The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,
Let the dawn shed over me its radiant flashes,
Let the wind with sad lament over me keen ;
And if on my cross a bird should be seen,
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.

Let the sun draw the vapors up to the sky,
And heavenward in purity bear my tardy protest
Let some kind soul o 'er my untimely fate sigh,
And in the still evening a prayer be lifted on high
From thee, 0 my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,
For all who have suffered the unmeasur'd pain;
For our mothers that bitterly their woes have cried,
For widows and orphans, for captives by torture tried
And then for thyself that redemption thou mayst gain

And when the dark night wraps the graveyard around
With only the dead in their vigil to see
Break not my repose or the mystery profound
And perchance thou m ayst hear a sad hymn resound
'T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remember ed no more
Unmark'd by never a cr oss nor a stone
Let the plow sweep through it, the spade turn it o'er
That my ashes may carpet earthly f loor,
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care
As over thy vales and plains I sweep;
Throbbing and cleansed in thy space and air
With color and light, with song and lament I fare,
Ever repeating the faith that I keep.

My Fatherland ador'd, that sadness to my sorrow lends Beloved Filipinas, hear now my last good-by!
I give thee all: parents and kindred and friends
For I go wher e no slave bef ore the oppressor bends,
Where faith can never kill, and God reigns e' er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,
Friends of my childhood in the home dispossessed!
Give thanks that I rest from the wearisome day!
Farewell to thee, too, sweet friend that lightened my way; Beloved creatures all, farewell! In death there is rest!

## I Am a Filipino, by Carlos P. Romulo

I am a Filipino–inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task–the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope–hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes–seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing: "I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever."